BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Lungsod ng Brampton kinikilala ang Pollution Prevention Week upang makatulong sa pagpapanatili sa komunidad na malinis, ligtas at luntian

BRAMPTON, ON (Setyembre 18, 2023) – Mula Setyembre 18 hanggang 22, kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang Pollution Prevention Week at pinaalalahanan ang mga residente, panauhin at negosyo sa kahalagahan ng pagprotekta sa likas na kapaligiran.

Ang Pollution Prevention Week ay taunang kampanya na nilalayon sa pagpapaangat sa kamalayan ng araw-araw na mga aksyon na pwedeng gawin upang mabawasan at maiwasan ang mga polusyon mula sa pagpasok sa kapaligiran.

Sa taon na ito, bibigyang linaw ng Brampton ang kahalagahan ng pag-iwas sa polusyon na may pokus sa pagbawas sa mga kalat at pagpapaangat sa kamalayan tungkol sa stormwater drainage system ng Brampton. Ang stormwater ay ulan at snow na dumadaloy mula sa mga kalye papasok sa stormwater drainage system ng Lungsod at papasok sa kapaligiran. Pini-pick up ng stormwater ang polusyon habang tumatakbo ito sa lupa, tulad ng mga dumi ng hayop, fertilizer, pamatay-peste, asin sa daan, langis ng makina at mga likido ng sasakyan, at kalat, at ang ligtas na pagtatapon ng mapanaganib na mga polusyon ay nakakatulong sa pagpigil sa mga bagay na nagbibigay polusyon mula sa pagpasok sa stormwater drainage system.

**Nangungunang limang aksyon ng pag-iwas:**

1. Panatilihing malinis ang iyong property at walang kalat at sumali o mag-host ng isang Parks Cleanup event.
2. I-pick up at itapon nang wasto ang dumi ng inyong hayop.
3. Isipin ang paggamit ng asin sa daan. Palahin ang snow at bitakin ang yelo bago lagyan ng asin.
4. Bawasan o tanggalin ang paggamit ng mga fertilizer at pamatay-insekto/herbicides.
5. Itapon ang mga pambahay na mapanganib na mga materyales tulad ng langis ng makina,  antifreeze, at mga pintura sa Community Recycling Centres ng Rehiyon ng Peel.

**I-save ang petsa**

Ang mga residente at panauhin ay iniimbitahan sa Pollution Prevention Week event sa Brampton Farmers' Market na may mga laro, papremyo, at pagtanggal sa takip ng catchbasin murals na ipininta ng mga lokal na artist sa pamamagitan ng Catchbasin Art Project.

Sabado, Setyembre 23, 2023, mula 8 am hanggang 1 pm sa Gage Park.

Upang malaman ang iba pa tungkol sa Catchbasin Art Project, mangyaring bisitahin ang, City of Brampton | Stormwater | From Streets to Streams - Catchbasin Art Project.

**Mga Link**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga event ng Local Park Cleanup event, mangyaring bisitahin ang City of Brampton | Parks and Open Spaces | Parks Cleanup.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa wastong pagtapon ng basura, mangyaring bisitahin ang Community Recycling Centres - Region of Peel (peelregion.ca)

Uoang mas matuto tungkol sa kung paano maiwasan ng mga residente at negosyo ang polusyon sa stormwater, mangyaring bisitahin ang, City of Brampton | Stormwater | Pollution Prevention at Home.

**Mga Quote**

"Ang Brampton ay isang komunidad na nagkokonserba, nagdadagdag, at nagbabalanse sa ating likas at binuo na mga kapaligiran upang makalikha ng nakalulusog, madaling nakakabangon, at sustenableng lungsod.Ang bawat isa ay may papel na gagampanan sa pangangalaga sa ating kapaligiran at ang pag-iwas sa polusyon ay isang responsibilidad na obligasyon natin sa ating planeta. Nitong,Pollution Prevention Week, ang mga residente, negosyo at panauhin ay pwedeng magdiwang sa trabahong ginagawa natin upang makalikha ng mas malinis at maliwanag na kinabukasan para sa Brampton."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang pag-iwas sa polusyon ngayon ay nagtitiyak sa mas malinis at mas maliwanag na bukas. Ang pagsasama-sama para ipreserba ang ating planeta ay nagsisimula sa simpleng mga desisyon at matapang na mga aksyon para protektahan ang mundo, tubig at hangin. Sa panahon ng Pollutions Prevention Week, hinihikayat ko ang lahat na mas matuto tungkol sa kung paano maiwasan ang polusyon upang maging parte sa paglikha ng mas malinis, mas nakakalusog na Brampton."

- *Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal Wards 2 at 6; Chair, Planning and Development, Lungsod ng Brampton*

"Kinikilala ng Lungsod ng Brampton na ang isang sustenableng bukas ay nagsisimula sa mga responsableng aksyon ngayon. Kasama ang mga residente, negosyo at empleyado, committed tayo sa pagpapatupad sa pangkapaligirang kabutihan ng Brampton. Ang Grow Green Plan ng Lungsod ay isang blueprint para sa isang sustenableng bukas at sa panahon ng Pollution Prevention Week, nire-renew natin ang ating commitment sa pagprotekta sa likas na kapaligiran ng Brampton."

- *Marlon Kallideen, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca